

Bumisita ang DOST-SEI #Push4Science caravan sa Surigao Del Sur upang paunlarin ang DOST Undergraduate Scholarship Programs sa mga estudyante sa hayskul. (Larawan mula sa DOST-SEI)

#Push4Science!

maging DOST Scholar ka



DOST-SEI, hinihikayat ang mga Grade 12 na mag-aaral na mag-apply sa S&T scholarships

Ni Angelica Marie Paz, DOST-STII

Tumatanggap na ng aplikasyon para sa 2020 Undergraduate Scholarships Program ang Department of Science and Technology–Science Education Institute

Mga Nilalaman

DOST-NCR kapit-kamay na nakipag-tulungan sa DOLE-OSHC para tiyakin ang kaligtasan ng mga kliyente**p2**
Mentoring workshop para sa mga junior researcher, isinagawa sa Northern Mindanao**p3**
2019 RSTW schedules**p4**

(DOST-SEI). Ang mga mag-aaral sa ika-12 na baitang nitong Academic Year 2019-2020 ay hinihikayat na mag-apply at kumuha ng mga kursong may kinalaman sa agham at teknolohiya.

Ang mga mag-aaral ay kinakailangang natural born Filipino na mayroong good moral character at nasa mabuting kalusugan. Ito ay bukas para sa mga mag-aaral ng STEM strand, ngunit maaari ring mag-apply ang mga non-STEM na mag-aaral sa kondisyon na kabilang sila sa top 5% ng kanilang graduating class.

Maaaring mag-apply bilang iskolar sa ilalim ng RA 7687 ang mga estudyanteng kabilang sa mga pamilyang may socio-economic information na pasok sa cut-off na isinasaad ng DOST-SEI. Habang ang mga nasa taas ng cut-off ay maaaring mag-apply bilang Merit Scholar.

Upang makakuha ng scholarship mula sa DOST-SEI, ang mga mag-aaral ay dapat makapasa sa 2020 S&T Undergraduate Scholarships Examination. Dapat din silang kumuha ng apat o limang taong Bachelor of

DOST-NCR kapit-kamay na nakipagtulungan sa DOLE-OSHC para tiyakin ang kaligtasan ng mga kliyente

Ni Marshall Louie Asis, *DOST-STII*

Ang mga empleyado ang pinakamahalagang pag-aari ng isang kompanya para makamtan ang mga layunin sa negosyo. Isa sa pinakamabisang paraan upang manatili ang mga empleyado at maging mahusay sila sa pagtatrabaho ay ang paglikha ng ligtas na paligid para sa kanila. Bawat industriya ay may nakaambang iba't-ibang panganib sa mga empleyado nito.

Ang mga "occupational safety hazards" o peligro sa trabaho na maaring kaharapin ay puwedeng banayad, agarang pisikal hanggang sa matinding panganib tulad ng pilay sa katawan, sunog, at pagsabog.

Para tiyakin na nasusulit ng isang kompanya ang mga empleyado nito, importanteng magbigay ng kaalaman sa pagpapanatili ng kalusugan ng katawan at isipan gayun din ang maayos na pakikipagkapwa ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pagbabawas/pag-iwas sa di kanais-nais na epektong sanhi ng kondisyon sa trabaho.

Kaugnay nito, ang Department of Science and Technology (DOST)-NCR, sa pakikipagtulungan sa Department of Labor and Employment-Occupational Safety and Health Center (DOLE-OSHC), ay nagsagawa

RODOLFO P. DE GUZMAN
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.



DOST-NCR Worked Hand-In-Hand with DOLE-OSHC to Ensure the Safety of its Clients

DEPARTMENT OF SCIENCE AND TECHNOLOGY NATIONAL CAPITAL REGION ncr@dost.gov.ph www.facebook.com/dost.ncr @DOST-NCR

Idinaos ng DOST-NCR ang dalawang araw na training course sa ADMATEL Building, DOST Compound noong ika-10 hanggang ika-11 ng Hunyo 2019. (Larawan mula sa DOST-NCR)

ng dalawang araw na pagsasanay (Basic Occupational Safety and Health (OSH) Training Course for Safety Officer 1 na ginanap mula ika-10 hanggang ika-11 ng Hunyo 2019 sa ADMATEL Building, DOST Compound, Taguig City. Lumahok sa naturang training ang mga nakinabang sa Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP) mula sa MUNTAPARLAS (Muntinlupa, Taguig, Parañaque, Pateros, Las Piñas) at PAMAMARISAN (Pasig, Mandaluyong, Marikina, San Juan) clusters.

Ayon sa DOLE-OSHC, ang Basic Occupational Safety and Health Training Course for Safety Officer 1 ay sapilitang kurso at pagsasanay bilang pagsunod sa Republic Act No. 11058 at DOLE Department Order 198 s. 2018. Isa itong walong oras na oryentasyon tungkol sa OSH na may karagdagang dalawang oras na Training of Trainers na nakadiseno para magbahagi ng kaalaman at kasanayan sa mga batayang

konsepto at prinsipyo ng kaligtasan sa trabaho at kalusugan upang maipatupad ng mga Safety Officers 1 ang programang pangkaligtasan at pangkalusugan ng kani-kaniyang kompanya.

Tinalakay ng mga tagapagsalita sa nasabing training course ang tungkol sa pagpapakilala at pangkalahatang konsepto ng OSH, pangunahing panuntunan at panukala, pagtukoy sa panganib, pagsusuri at kontrol ng peligro, at mga kinakailangan sa pangangasiwa ng OSH.

Sa pagtatapos ng pagsasanay, ang mga kalahok ay tumanggap ng Safety Officer I (SO1) certification DOLE-OSHC, kung saan nakasaad ang bilang ng oras na ginugol sa pagsasanay.

Magsasagawa rin ng kaparehong pagsasanay para naman sa mga benepisyaryo ng SETUP sa CAMANAVA (Caloocan, Malabon, Navotas, Valenzuela) at PAMAMAZON (Pasay, Manila, Makati, Quezon City). (*Impormasyon mula kay Rozanne Marie Caparas, DOST-NCR.*)

DOST-SEI, hinikayat...

Mula sa pahina 1

Science (BS) na kurso sa kahit anong priority fields of study sa isang state university o kolehiyo o private higher education institution na kinikilala ng Commission on Higher Education bilang Center of Excellence at Center of Development o mayroong FAAP Level III accreditation para sa BS na kursong nais nilang kunin.

Maaaring ipasa ng mga mag-aaral ang kanilang mga requirements para sa aplikasyon sa opisina ng DOST-SEI Science and Technology Scholarship Division (STSD)

sa DOST Compound, General Santos Avenue, Bicutan, Taguig City o sa kahit anong DOST Regional Office o Provincial Science and Technology Center. Hanggang ika-6 ng Setyembre 2019 lamang maaaring magpasa ng aplikasyon, habang sa ika-20 ng Oktubre 2019 naman ang eksaminasyon.

Upang mai-download ang application form at makita ang kabuuang listahan ng mga requirements, priority programs, at study placements, pumunta sa www.sei.dost.gov.ph. (*Impormasyon mula sa DOST-SEI.*)

Mentoring workshop para sa mga junior researcher, isinagawa sa Northern Mindanao

Ni Angelica Marie Paz, DOST-STII



Ang mga tagapayo at ang mga junior health researchers ng aktibidad. (Larawan mula sa DOST-X)

Nagsagawa ang Northern Mindanao Consortium for Health Research and Development (NorMinCoHRD) ng isang Research Proposal Development and Mentoring Workshop noong ika-3 hanggang ika-4 ng Hulyo 2019 sa Mallberry Suites, Cagayan de Oro City. Dalawang araw itong ginanap upang pahasayin pa ang kakayahan ng mga junior health researchers na nakilahok sa Training on Basic Research Methods noong nakaraang ika-10 hanggang ika-12 ng Abril 2019.

Sina Dr. Peter R. Orbse, tagapangulo ng NorMinCoHRD Research Management Committee (RMC); Dr. Ester L. Raagas, miyembro ng RMC; at Dr. Fidela B. Ansale, tagapangulo ng Capacity Building Committee, ang nagsilbing tagapayo sa 25 young researchers mula sa iba't-ibang miyembro-institusyon ng NorMinCoHRD.

Mula sa 11 research problems na nakilala sa nakaraang pagsasanay, 10 ang ipinagpatuloy bilang mga hustong research proposals. Ipinakita ng mga kalahok ang

kanilang proposals habang nagkomento naman ang mga tagapayo upang mapahusay ang kalidad ng kanilang research proposals.

Kabilang sa 10 health research proposals ay ang Care for the Elderly with Dementia; Prevalence of Heterophyid metacercariae in Tilapia; Limiting Factors on Breastfeeding Practices among Adolescent and Young Adult Mothers; Level of Suicidal Ideation of College Students in Cagayan de Oro City; Occupational Stress and its Effects on the Delivery of Health Services among Nurses; at Resilience in Post-war Marawi.

Sa pamamagitan ng patnubay ng mga tagapayo, nakagawa ng kumpletong research proposals ang mga researchers. Ang kanilang mga gawa ay susuriin muna ng technical review board ng NorMinCoHRD RMC bago ito i-endorso para sa maaring pagbigay ng pondo ng Department of Science and Technology-Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD). (Impormasyon mula kay Julie Anne H. Baculio, DOST-X)

2019 RSTW Schedules

Isa sa mga layunin ng taunang selebrasyon ng Regional Science and Technology Week (RSTW) ay ang ipakita't ipagmalaki ang mga lokal na imbensyong dinebelop ng mga lokal na eksperto para sa mga Pilipino. Ito ay isang paraan ng Department of Science and Technology upang ihatid ang siyensya sa publiko.

